

## **Tinutugunan ng Fire Master Plan ang mga pangangailangan ng may iba't ibang miyembro at lumalaking komunidad**

BRAMPTON, ON (Setyembre 16, 2020) – Sa araw na ito ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay magkaisang inaprubahan ang [Brampton Fire and Emergency Services \(BFES\) 2021-2025 Fire Master Plan](#), na naglalaman ng 32 rekomendasyon para matiyak ang epektibo at napakahusay na mga serbisyo sa pagprotekta sa sunog sa Brampton ngayon at sa hinaharap. Ang BFES Fire Master Plan ay umaambag sa napagtagumpayan ng [2018 – 2022 Termino ng mga Prayoridad ng Konseho](#).

Bilang pangalawa sa pinakamabilis na lumalaking Lungsod sa Canada, ang Brampton ay may natatanging mga pangangailangan. Ang paghahanda ng BFES Fire Master Plan ay ipinaalam ng panloob at panlabas na mga stakeholder kabilang ang higit sa 2,000 residente ng Brampton, higit sa 200 front-line staff, maramihang mga departamento ng Lungsod at team ng pangasiwaan ng BFES. Bukod pa, ang isang malawak na pagtatasa sa panganib sa komunidad, isang updated na pag-aaral sa lokasyon ng station at sari-saring piraso ng lehislasyon, ay nakaka-impluwensya sa BFES Fire Master Plan.

Itong BFES Fire Master Plan ay ginagabayan ng tatlong malawak na mga tema: *ligtas, matagumpay, at sustainable*. Ang mga tema na ito ay nagbibigay ng balangkas para sa mga rekomendasyon at kaugnay na mga inisyatiba na inorganisa sa siyam na bahagi ng pokus: tugon sa emergency; pag-iwas sa sunog at edukasyon; pangangasiwa ng emergency; kaligtasan ng komunidad; pagkakapantay-pantay at pagkakasali; teknolohikal na inobasyon; pinalakas na manggagawa ; mabuting pamamahala; at pagiging sustainable sa kapaligiran.

Kabilang sa mga mahalagang aksyon mula sa Plano ang:

- Konstruksyon ng tatlong bagong Fire stations na itatayo sa loob ng susunod na sampung taon para makakasabay sa paglaki ng Lungsod;
- Pagpapatupad ng pinahusay na programa sa pag-inspeksyon na routine para sa high-rise, low-rise at piling industriyal na paninirahan para itayo ang kultura ng pagsunod para sa mas mataas ang panganib na paninirahan;
- Pakikinabang sa bagong teknolohiya ng machine learning at artificial intelligence para mahulaan kung saan pinaka-malamang na magaganap ang sunog para magawa ang targeted na maagap na mga pag-inspeksyon para mabawasan ang posibilidad at laki na magaganap ang sunog;
- Lalo pang ginagawang diverse ang departamento, mga pagsisikap para sa pagkakapantay-pantay at pagsasali na may malakas na pokus sa pagpapatupad ng makabagong mga paraan ng pag-recruit para mas mahusay na mailarawan ang komunidad na pinaglingkuran.

Ang BFES Fire Master Plan ay nag-i-evolve sa paglipas ng panahon para matiyak ang pinakamataas na antas ng paghahatid ng proteksyon sa sunog na posible. Para mabasa ang kumpletong BFES Fire Master Plan, pumunta sa [www.bramptonfire.com](http://www.bramptonfire.com).

### **Mga Quote**

“Ang Brampton Fire and Emergency Services ay nangunguna sa makabagong serbisyo sa pag-apula ng apoy, at ang BFES Fire Master Plan ay sumusuporta sa natatanging mga pangangailangan ng ating

lumalaki at magandang diverse na Lungsod, ngayon at sa hinaharap. Sa paghahanda sa BFES Fire Master Plan, ang ating team ay magpapatuloy sa pagtiyak na ang Brampton ay isang Lungsod na Mahusay na Pinapatakbo at naghahatid ng napakahusay na pangangasiwa at tugon sa emergency.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating Brampton Fire and Emergency Services team ay gumaganap ng mahalagang papel na gawing isang Malusog at Ligtas na Komunidad ang Brampton. Tinitiyak ng BFES Fire Master Plan na tayo ay may mabuting pagkakaplanong paraan para panatiliing ligtas ngayon at sa hinaharap ang ating mga residente.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Habang lumalaki ang ating diverse na Lungsod, kailangan din ng ating team na palaging tasahin at mag-evolve para tiyakin na tayo ay handa para sa hinaharap. Gagabay sa atin ang BFES Fire Master Plan sa paglalakbay na iyon. Ipinagmamalaki ko ang trabahong natapos nitong komprehensibong plano, at partikular na ipinagmamalaki ko na maging isa sa unang Nagbibigay-Serbisyo sa Pag-apula ng Apoy na nangangakong magsikap na bumuo ng team na mas naglalarawan sa diverse na komunidad na pinaglilingkuran natin.”

- *Bill Boyes, Fire Chief, Mga Serbisyo ng Brampton sa Sunog at Emergency*

“Palagi tayong nagsisikap para maging mahusay sa paghahatid ng serbisyo. Habang mabilis na lumalaki ang ating Lungsod, tinitiyak ng BFES Fire Master Plan na handa tayo para suportahan ang paglaki na ito sa pamamagitan ng paghahatid ng progresibong mga serbisyo sa pag-apula ng apoy at emergency para sa mga namumuhay, nagtatrabaho, nag-aaral at naglalaro sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkabaligtiran inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

#### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)